


Kamalayan sa Sitwasyon: Susi sa pag-iwas sa mga pagkakamali **Disyembre 2021**



Pigura 1: Dayagram na nagpapakita ng tama at maling paraan para tanggalin ang handwheel na inilarawan sa insidente (Ref. Figura 3 CSB na ulat 2016-02-I-LA)

Dalawang operaytor ang ipinadala upang baguhin ang posisyon ng balbula at paganahin ang bomba. Nang hindi bumukas ang balbula, nagpasya ang mga operator na tanggalin ang gearbox upang direktang maabot ang stem ng balbula at buksan ito gamit ang lyabe. Ang aktibidad na ito ay maaaring gawin nang hindi naapektuhan ang tuktok ng balbula sa karamihan ng mga balbulang ganito ang uri. Gayunpaman, ang balbula na ito ay iba ang modelo. Kapag inalis ng mga operaytor ang gearbox mula sa balbula na ito, naalis din ng mga operaytor ang mga tornilyong kabitan ng mismong tuktok ng balbula.

Nang manu-manong binuksan ang balbula, malaking singaw ang tumagas, nag-apoy, at nagdulot ng malubhang pinsala.

Alam Mo Ba?

- Ang kamalayan sa sitwasyon ay ang pagkilala kung nasaan ka at kung ano ang kailangan upang maisagawa ang gawain nang ligtas.
- Ang hindi sapat na kamalayan sa sitwasyon ay isang pangunahing kadahilanan sa mga aksidenteng sanhi ng pagkakamali ng tao.
- Ang pagkakaroon ng ilang pagsasaayos para sa mga kagamitan sa isang lugar o bahagi nito ay maaaring nakakalito at lumikha ng isang bitag ng pagkakamali - na mas madali para sa isang tao na magkamali.
- Ang pagkakaroon ng pangalawang tao na magmasid sa operasyon ay tinatawag minsan na '4-Eyes Principle.' Gayunpaman, ang pagsasanay na ito ay nagpapabuti lamang ng kaligtasan kung ang tagamasid ay alam kung paano gawin ang gawain at handang makialam kung ang isang pagkakamali ay nagawa o ang isang hindi ligtas na sitwasyon ay nabubuo.
- Maghanda para sa isang aktibidad sa pamamagitan ng pagbabasa ng pamamaraan BAGO pumunta sa field.

Ano Ang Puwede Mong Gawin?

- Maglaan ng dalawang minuto bago gawin ang trabaho upang tanungin ang iyong sarili "Ano ang maaaring magkamali?", upang suriin kung mayroon kang pamamaraan, PPE at kagamitan na kailangan upang maisagawa ang trabaho nang ligtas.
- Kung nakakita ka ng bitag ng pagkakamali (error trap), abisuhan ang iyong superbisor at maghain ng ulat sa kaligtasan.
- Kung ang isang bitag ng pagkakamali ay hindi mabilis na maitama, i-tag ang kagamitan upang alertuhan ang iba.
- Siguraduhin na ang lahat ng mga posisyon ng balbula, ang katayuan ng kagamitan, at mga inaasahang kondisyon ng proseso ay natukoy sa mga pamamaraan ng gawain upang mabawasan ang mga pagkakamali.
- Kung hihilingin na gawin ang isang gawain na matagal mo nang hindi nagagawa, suriin ang mga pamamaraan at tanungin ang isang katrabaho kung may nagbago.

Kamalayan sa Sitwasyon: Suriin Bago Ka Kumilos